

Sa mga tinatayang papatawan ng income tax / income rate ng residence tax sa indibidwal sa piskal na taong 2024

Gabay sa Ayudang Pansuporta ng Lungsod ng Hino na Nakatuon sa Pagtugon sa Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin (para sa Ayudang Pang-adjust) sa Piskal na Taong 2024


Bilang pagsasaalang-alang sa nadagdag na pasanin sa mga residente dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, kasabay ng takdang halaga ng bawas sa buwis mula sa income tax at residence tax sa indibidwal, para sa mga taong hindi makakatanggap ng buong halaga ng bawas sa buwis dahil mas maliit ang halaga ng ipinataw na buwis kaysa sa halaga ng maaaring ibawas sa buwis, ibibigay ang diperensya bilang ayuda upang maging pantay-pantay ang epekto ng bawas sa buwis.

Sa patakaran, walang kinakailangang proseso

* Hinihiling na gawin ang proseso kung "babaguhin ang account" o "tatanggihan ang ayuda"

● Mga Taong Sakop sa Pagkakaloob

Mga taong nakarehistro bilang residente ng Lungsod ng Hino sa petsang Enero 1, 2024, na nagbayad ng kahit isa lang sa income tax at income rate ng residence tax sa indibidwal, at tinatayang lalampas ang maaaring takdang halaga ng bawas sa buwis sa "tinatantiyang halaga ng income tax para sa taong 2024" (halaga ng income tax para sa taong 2023) o sa "halaga ng income rate ng residence tax sa indibidwal para sa piskal na taong 2024"




* Ang "asawang kapareho ng pinagmumulan ng ikinabubuhay" sa bilang ng mga taong sakop sa bawas sa buwis ay ang asawang pareho ang pinagmumulan ng ikinabubuhay sa taong obligadong magbayad ng buwis, at 480,000 yen o mas mababa pa ang total na halaga ng kita noong nakaraang taon

● Halaga ng Ibibigay na Ayuda

Kakalkulahin ang halaga ng ayudang pang-adjust ayon sa paraang nakasulat sa ibaba.

* **Ibibigay ang ini-round up sa yunit ng 10,000 yen na total ng halagang kulang sa pagbabawas**

Hal.) Kung **25,000 yen** ang total ng halagang kulang sa pagbabawas, **30,000 yen** ang halaga ng ayudang pang-adjust.



● Deadline para sa Proseso

(Kung babaguhin ang account o tatanggihan ang ayuda)

Kailangan naming matanggap nang hindi lalampas sa **Agosto 5, 2024 (Lunes)**

Mangyaring isulat sa ibaba ang [User name (Login ID)] at [Password] na nakasulat sa paunawa tungkol sa pagbibigay, at itabi ang papel na ito hanggang makumpleto ang bank transfer.

☉ Maaaring i-check ang status ng pagsusuri sa ibaba (maaaring gamitin ang 2D code sa likuran ng papel na ito)

User name (Login ID)	Password

Mangyaring mag-ingat sa mga "bank transfer scam" at "pagnanakaw ng personal na impormasyon."

- Hinding-hindi gagamitin ang automatic teller machine (ATM) sa proseso.
- Hinding-hindi dadalaw sa inyong bahay tungkol sa ayuda.
- Kung nagkaroon ng kahina-hinalang tawag o pagdalaw sa inyong bahay mula sa taong nagsasabing kawani siya ng Lungsod ng Hino o iba pa, mangyaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na himpilan ng pulis o sa teleponong para lamang sa pulis (#9110).

Audio Guide

Code ito ng "Uni-Voice" para gabayan sa audio ang mga taong may kapansanan sa paningin at iba pa. Maaaring i-download at gamitin ang app para sa pagbabasa.

Uni-Voice

Halimbawa ng Pagsulat sa Paunawa tungkol sa Pagbibigay ng Ayudang Pansuporta na Nakatuon sa Pagtugon sa Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin ng Lungsod ng Hino (Ayudang Pang-adjust) sa Piskal na Taong 2024

Mangyaring sanggunian ang nakasulat sa ibaba sa kaso lamang na "babaguhin ang account" o "tatanggihan ang ayuda"

Mga Bagay na Dapat Pag-ingatan sa Halimbawa ng Pagsulat

- Mangyaring isulat nang malinaw at wasto ang mga naaangkop na item gamit ang itim na bolpen o iba pa
- Hindi maaaring gumamit ng nabuburang pen o lapis

▼ Paunawa tungkol sa Pagbibigay [Likuran]

1

Mangyaring isulat ang impormasyon ng account kung saan nais ipagawa ang bank transfer.

Mangyaring pagsamahin at ipadala sa koreo ang (1) kopya ng dokumento para sa identipikasyon at (2) kopya ng dokumento kung saan maaaring i-check ang account para sa bank transfer.

* Sa patakaran, mangyaring isulat ang account na nakapangalan sa aplikante. Kailangang sulatan ang [Kung kinatawan ang tatanggap] kung nais ipagawa ang bank transfer sa account na hindi sa aplikante nakapangalan.

2

Mangyaring isulat ang numero kung saan kayo maaaring kontakin sa araw. Maaaring kontakin namin kayo kung nagkaroon ng pagkakamali o kakulangan.

3

Mangyaring sulatan ito kung kinatawan ang tatanggap.

* Kailangan ang mga dokumentong (1) - (4) kung kinatawan ang tatanggap. Mangyaring pagsamahin ang mga iyon at ang papel na ito, at ipadala sa koreo.

(1) Kopya ng dokumento para sa identipikasyon ng aplikante
 (2) Kopya ng dokumento para sa identipikasyon ng kinatawan
 (3) Kopya ng dokumento para sa pag-check ng account ng kinatawan
 (4) Kopya ng dokumento kung saan malalaman ang relasyon sa aplikante (hindi kailangan kung miyembro ng parehong sambahayan ang kinatawan)

4

Kung tatanggihan ang pagtanggap ng ayudang ito, mangyaring pirmahan ang [Pangalan ng taong nagbibigay-alam] at ipadala ito sa koreo.

Paraan ng proseso sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo Mangyaring sulatan ang nais ninyong account para sa bank transfer sa "Puwang ng Pagbabago ng Account para sa Bank Transfer" sa ibaba, at ipadala pabalik sa amin ang papel na ito at mga kinakailangang dokumento

(Puwang ng Pagbabago ng Account para sa Bank Transfer) * Kung babaguhin ang account sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo, mangyaring ipadala sa koreo ang tatlong bagay na nakasulat sa kanan (Papel na ito + Kopya ng dokumento para sa identipikasyon + Kopya ng dokumento para sa pag-check ng account)

金融機関コード Code ng pinansyal na institusyon				金融機関名 Pangalan ng pinansyal na institusyon													
0	1	2	3	日野銀行													
支店コード Code ng branch			支店名 Pangalan ng branch						種別 Uri		口座番号 Numero ng account						
1	2	3	日野支店						普通・当座		0	1	2	3	4	5	6
口座名義 Nakapangalan sa account (katakana) * Mangyaring itugma ito sa pagkakasulat sa passbook																	
ヒノ タロウ																	
電話番号 Numero ng telepono				080 - 〇〇〇〇 - 〇〇〇〇													

Kung babaguhin ang account, mangyaring siguraduhing ilalip ang isa sa mga kinakailangang dokumentong nakasulat sa ibaba at ang papel na ito

(1) Kopya ng dokumento para sa identipikasyon

- Lisensya sa pagmamaneho
- My Number card
- Residence card

Hal., Resident registration card, pasaporte, sertipiko ng health insurance, sertipiko ng taong may pisikal na kapansanan, pension handbook, sertipiko ng nursing care insurance, sertipiko ng pagtanggap ng public assistance, sertipiko ng taong may mental na kapansanan, at iba pa

(2) Kopya ng dokumento para sa pag-check ng account

- Bank card
- Nakabuklat na pahina ng passbook
- Bank card na may credit card function

at iba pa

* Mangyaring i-serok ang bahagi kung saan mache-check ang "pangalan ng pinansyal na institusyon," "numero ng account" at "nakapangalan sa account sa katakana"

* Kung nagkaroon ng pagbabago sa pangalan, mangyaring magsumite ng dokumento para sa identipikasyon kung saan malalaman ang pagbabago sa pangalan. (Dokumentong kung saan nakasulat ang pangalan bago ng pagbabago at pagkatapos ng pagbabago)
 Hal., Harapan ng likuran ng lisensya sa pagmamaneho, My Number card at iba pa

* Sa patakaran, bank transfer ang gagawin, ngunit kung hindi maaaring tumanggap sa pamamagitan ng bank transfer sa account, mangyaring makipag-ugnayan sa mapagtatatungang nakasulat sa harapan
 Kung ang pagbibigay ay hindi sa pamamagitan ng bank transfer sa account, matatagalan ang pagbibigay

Kung kinatawan ang tatanggap Mangyaring sulatan ang puwang ng kinatawan kung sa kinatawan at hindi sa mismong aplikante ang account para sa bank transfer

代理人氏名 Pangalan ng kinatawan	代理人生年月日 Petsa ng kapanganakan ng kinatawan	代理人住所 Address ng kinatawan (Hindi kailangang isulat ang address kung miyembro ng sambahayang pareho sa mismong aplikante)
Hanako Hino	西暦 19〇〇年 1月 1日	東京都日野市神明〇-〇-〇号
代理人電話番号 Numero ng telepono ng kinatawan	ご本人との関係性 Relasyon sa mismong aplikante	* Kung ang kinatawan ang tatanggap, mangyaring pagsamahin ang mga kinakailangang dokumentong (1) - (4) na nakasulat sa ibaba at ang papel na ito, at ipadala sa koreo. * Hindi kailangan ang (4) kung miyembro ng parehong sambahayan
090-〇〇〇〇-〇〇〇〇	<input type="checkbox"/> 同一世帯 <input type="checkbox"/> 法定代理人 <input checked="" type="checkbox"/> その他 (子)	

Mga kinakailangang dokumento (1) Kopya ng dokumento para sa identipikasyon ng aplikante (2) Kopya ng dokumento para sa pag-check ng account ng kinatawan (3) Kopya ng dokumento para sa identipikasyon ng kinatawan (4) Dokumentong kung saan malalaman ang relasyon sa aplikante (family register, sertipiko ng mga nakarehistrong bagay-bagay, at iba pa)

Paraan ng proseso ng pagtanggap Mangyaring sulatan ang puwang ng pirma sa ibaba, at ipadala pabalik sa amin ang papel na ito

Ipinagbibigay-alam ko rito na tinatanggihan ko ang pagtanggap ng "Ayudang Pang-adjust."

Pangalan ng taong nagbibigay-alam 署名 Pirma **Taro Hino**

* Kung hindi naipadala pabalik sa amin hanggang sa deadline, gagawin namin ang bank transfer sa account na harapan


Deadline para sa Proseso: Kailangan naming matanggap nang hindi lalampas sa Agosto 5, 2024 (Lunes)

* Mangyaring sulatan ng tao lamang na tatangi sa ayuda (kung proseso sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo)

Mangyaring makipag-ugnayan sa call center na nakasulat sa ibaba kung hindi ninyo maintindihan

2D code para sa pag-apply online / pag-check ng pagsulong ng proseso

Maaaring mag-apply online (proseso ng pagbabago ng account / pagtanggap), at i-check ang status ng pagsusuri mula sa 2D code sa kanan



Para sa mga Katanungan

Call Center tungkol sa Ayudang Pang-adjust ng Lungsod ng Hino
TEL 050-3490-6980

Oras ng Pagtanggap: 8:30 am - 5:00 pm sa weekday (sarado tuwing Sabado, Linggo at mga holiday)

* Maaari ring magsumite ng mga dokumento sa counter para sa pagtanggap

[Counter para sa Pagtanggap] West Side ng 1F ng Hino City Hall, sa tabi ng Property Tax Division
 [Oras ng Pagtanggap] 8:30 am - 5:00 pm sa weekday (sarado tuwing Sabado, Linggo at mga holiday)